PROTECT CHICAGO

PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA... BAKUNA NG JOHNSON & JOHNSON

Ang pagtanggap ng alinman sa tatlong available na bakuna ang pinakamabisang paraan para maprotektahan mo ang iyong sarili, iyong pamilya at iyong komunidad mula sa COVID-19. Narito ang mga dapat mong malaman tungkol sa bakuna ng Johnson & Johnson (J&J):

LIGTAS ANG J&J

Ligtas ang lahat ng bakunang ginagamit sa United States, kasama ang J&J. Noong Abril, pansamantalang itinigil ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) at Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ang pagbibigay ng bakuna ng J&J habang iniimbestigahan nila ang isang hindi pangkaraniwang uri ng pamumuo ng dugo. Matapos suriin ang lahat ng datos, natuklasan nilang 15 kaso lamang sa halos 8 milyong taong nakatanggap ng bakuna ng J&J ang nagkaroon ng malubhang pamumuo ng dugo. Dahil labis na hindi pangkaraniwan ang mga pamumuo ng dugong ito, ligtas ang pagtanggap ng bakuna ng J&J, at inirekomenda ng FDA at CDC na patuloy naming ibigay ito sa mga taong nasa wastong gulang sa Chicago.

EPEKTIBO ITO

Tulad ng iba pang bakuna, labis na epektibo ang J&J sa pagpigil sa iyo sa pagpapaospital o pagkamatay nang dahil sa COVID-19. Iyon ang lubos na agaran at mahalagang layunin. Epektibo ang bakuna ng J&J laban sa mga variant ng COVID-19.

IISANG DOSIS LAMANG

May isang dosis lamang ang bakuna ng J&J, kumpara sa dalawang dosis para sa iba pang bakuna. Itinuturing kang “ganap na nabakunahan” dalawang linggo matapos mong matanggap ang iyong dosis.

PAANO ITO GUMAGANA

Ang bakuna ng J&J ay isang “vector na bakuna” kung saan gumagamit ito ng pinahinang virus para ipadala ang mga tagubilin sa paggawa ng protina ng COVID-19 sa ating mga selula. Kapag natutuhan ng ating mga selula ang tungkol sa protina, nagdudulot ito ng pagtugon ng immune system sa loob ng ating mga katawan. Natatandaan ng ating immune system kung paano makilala ang protina para makatugon agad ito sa ibang pagkakataon kung nalantad tayo sa COVID-19.

MGA SIDE EFFECT

Maging handa para sa mga banayad na side effect mula sa anumang bakuna sa COVID-19, kabilang ang J&J, tulad ng pagkapagod, pananakit ng ulo, o pagkakaroon ng lagnat. Ang mga side effect na ito ay normal na palatandaan na bumubuo ang iyong katawan ng proteksyon, at dapat na magsimulang gumaan ang iyong pakiramdam pagkatapos ng 1-3 araw. Bagaman ito ay lubos na hindi pangkaraniwan, dapat makipag-ugnayan sa kanyang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang sinumang nakatanggap ng bakuna ng J&J na nagkaroon ng malubhang pananakit ng ulo, pananakit ng tiyan, pananakit ng binti, o pangangapos ng hininga.

PROTECT CHICAGO

LET'S TALK ABOUT... THE JOHNSON & JOHNSON VACCINE

Taking any of the three available vaccines is the best way to protect yourself, your family and your community from COVID-19. Here's what you need to know about the Johnson & Johnson (J&J) vaccine:

J&J IS SAFE

All vaccines that are being used in the United States are safe, including J&J. In April, the FDA and CDC took a break from giving the J&J vaccine while they investigated a rare type of blood clot. After looking at all of the data, they found only 15 cases of severe blood clots in almost 8 million people who received the J&J vaccine. Since these blood clots are so rare, it is safe to take a J&J vaccine, and the FDA and CDC recommended that we continue to give it to adults in Chicago.

IT'S EFFECTIVE

Like the other vaccines, J&J is extremely effective at preventing you from going to the hospital or dying from COVID-19. That's the most urgent, important goal. The J&J vaccine is effective against COVID-19 variants.

JUST A SINGLE DOSE

The J&J vaccine is taken in one dose, compared to two doses for the other vaccines. You are considered "fully vaccinated" two weeks after receiving your shot.

HOW IT WORKS

The J&J vaccine is a "vector vaccine" which means it uses a weakened virus to carry the instructions for making a COVID-19 protein into our cells. When our cells learn about the protein, it causes an immune response inside our bodies. Our immune system remembers how to recognize the protein so it can respond later on if we are exposed to COVID-19.

SIDE EFFECTS

Be prepared for some mild side effects from any COVID-19 vaccine, including J&J, like feeling tired, having a headache, or getting a fever. These side effects are normal signs that your body is building protection, and you should start to feel better after 1-3 days. While incredibly rare, anyone who has received the J&J vaccine who develops severe headache, abdominal pain, leg pain, or shortness of breath within three weeks after their vaccination should contact their health provider.